# *Gabay ng Washington ukol sa Mga Serbisyo para Makabawi sa Espesyal na Edukasyon: 2021 at sa Susunod na mga Taon*

Layunin ng sangguniang ito na tulungan ang mga team ng Programa ng Pang-indibidwal na Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) na matukoy ang mga serbisyo para makabawi[1] na kailangan ng mga estudyanteng may kapansanan dahil sa epekto ng COVID-19 at pandagdag na patnubay sa pangkalahatang edukasyon ng Opisina ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI). Bilang resulta ng pandemya, nakaranas ang bawat estudyante sa Washington ng hindi inaasahang pagkagambala sa personal (in-person) na pag-aaral. Maraming estudyante ang hindi nakagawa ng angkop na pagsulong[2] sa mga tunguhin ng IEP bago nagkaroon ng COVID dahil sa pagsasara ng mga pasilidad ng paaralan, napalampas o naantalang mga serbisyo, o mga balakid sa pag-access ng remote na pagtuturo, sa kabila ng mga pagsisikap ng mga distrito ng paaralan, guro, pamilya at estudyante.

Inaasahan ng OSPI, nang naaayon sa pangangailangan na magbigay ng libre at angkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE), na isasaalang-alang ng mga team ng IEP ang indibidwal na pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi para sa bawat estudyanteng may IEP mula preschool hanggang 21 taong gulang. **Hindi kailangan ng mga pamilya na gumawa ng espesyal na kahilingan para mangyari ang prosesong ito.** Dapat suriin ng mga team ng IEP ang mga pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi bilang bahagi ng proseso ng IEP at gawing priyoridad ang mga indibidwal na desisyon batay sa pangangailangan ng estudyante. Para maging malinaw, hindi inaatasan ng OSPI ang mga distrito na mag-iskedyul agad at magdaos ng mga pulong ng IEP para sa bawat estudyanteng may IEP. Maaaring isagawa ang mga desisyong ito bago magsimula ang 2021–22 taong pampaaralan, bago ang petsa ng taunang pagsusuri ng IEP, o maaari itong mangyari sa paparating na petsa ng taunang pagsusuri kung sumang-ayon ang distrito at magulang. Maraming team ng IEP ang nakibahagi sa mga talakayang ito noong 2020–21 taong pampaaralan at sinimulan ang pagpapatupad ng mga proseso para sa pagpapasiya at pagbibigay ng mga pang-indibidwal na serbisyo para makabawi.

Kailangan ang pakikilahok ng direktor ng espesyal na edukasyon sa distrito para sa pagbuo at pagpapatupad ng Plano para sa Kapakanan ng Akademiko at Estudyante, na dapat ibigay sa OSPI hanggang Hunyo 1, 2021. Nabibigay ang karagdagang patnubay na ito ng karagdgang impormasyon na partikular sa mga serbisyo para makabawi para sa mga estudyanteng may IEP at hindi nito pinapalitan ang mga kinakailangang iyon. Pinagtibay ang patnubay na ito mula sa iba't ibang sanggunian, kasama ang nakaraang patnubay ng OSPI, at iba pang sangguniang pang-estado at pederal, at teknikal na tulong. Nakatala sa mga panaklong ang mga sanggunian sa Mga Tanong-Sagot (Q&A) tungkol sa Espesyal na Edukasyon ng OSPI. Tinutugunan ng mga nilalaman ng dokumentong ito ang:


- Mga Priyoridad sa mga Serbisyo para Makabawi
- Pagpapakahulugan sa mga Serbisyo para Makabawi
- Pagtukoy sa mga Serbisyo para Makabawi
- Pagdodokumento sa mga Serbisyo para Makabawi
- Karagdagang Sanggunian para Suportahan ang mga Serbisyo para Makabawi
- Appendix: Ang Pagsubaybay sa Pagsulong (ang Susi!)



---

[1] Ang mga Serbisyo para Makabawi ay terminong ginagamit ng OSPI para ilarawan ang karagdagang serbisyo na ibinigay sa mga estudyanteng may kapansanan para tugunan ang patuloy na epekto ng pandemyang COVID-19 at pagsasara ng pasilidad ng paaralan noong tagsibol ng 2020. (Tingnan ang Apendix)

[2] Para sa mga estudyanteng karapat-dapat sa espesyal na edukasyon, iniaatas ng IDEA sa mga distrito ng paaralan na bigyan ang mga estudyante ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa pamamagitan ng pagbibigay sa bawat karapat-dapat na estudyante ng IEP na idinisenyo para tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng estudyanteng iyon na "makatwirang kinalkula para mabigyang-daan ang bata na makagawa ng naaangkop na pagsulong ayon sa mga kalagayan ng bata." 20 U.S.C. 1412(a)(1); *Endrew F. v. Douglas County School District RE-1* 137 S.Ct. 988, 69 IDELR 174 (2017).

## Mga Priyoridad sa mga Serbisyo para Makabawi

Hindi lahat ng estudyanteng may IEP ay mangangailangan ng mga serbisyo para makabawi, at ang mga serbisyo para makabawi ay hindi naman talagang kinakailangan para sa parehong dami ng oras na napalampas (hal., minuto para sa minuto, oras para sa minuto). Dapat ituon ang mga serbisyo para makabawi sa pagtulong sa estudyante na makamit ang inaasahang antas ng pagsulong sa mga tunguhin ng IEP kung hindi nangyari ang pandemya. **Hindi dapat ibatay ang mga serbisyong ito sa kalkulasyon ng porsyento o pormula; ang timeline at halaga ng mga serbisyo para makabawi ay dapat na maging pang-indibidwal na desisyon para sa bawat estudyanteng may IEP.**




Mahahalagang ka-partner ang mga magulang at pamilya sa pagtukoy ng pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi, dahil mayroon silang kasalukuyang impormasyon tungkol sa estudyante mula nang magsimula ang mga pagsasara ng pasilidad ng paaralan. Gaya ng lahat ng proseso ng espesyal na edukasyon, dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng mga suporta ng pag-access sa wika, kasama ang interpretasyon at pagsasalin kung kinakailangan, para masuportahan ang mga desisyon tungkol sa mga serbisyo para makabawi.[3] Dapat tiyakin ng mga distrito ng paaralan na ang mga magulang ay may impormasyon at suporta na kailangan para makasali sa proseso ng pagpapasiya.

## Pagpapakahulugan sa mga Serbisyo para Makabawi

**Mga Serbisyo para Makabawi:**[4] Ginamit ng OSPI ang terminong ito para ilarawan ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo at suportang ibinigay sa mga estudyanteng may kapansanan para tugunan ang patuloy na epekto ng pandemyang COVID-19 at ang pagsasara ng pasilidad ng paaralan noong tagsibol ng 2020. Ang mga serbisyo para makabawi, na maaaring kinabibilangan ng mga pamalit na serbisyo (compensatory services), ay nagbibigay ng karagdagang espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo sa mga estudyanteng may kapansanan at dinisenyo para tugunan ang kawalan ng naaangkop na pagsulong sa mga tunguhin ng IEP, dahil sa napalampas o limitadong espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo o para sa iba pang dahilan na resulta ng pandemya.[5] **Higit sa lahat, hindi resulta ng pagtatalo ang mga serbisyo para makabawi, kundi dapat ay sama-samang pagtugon ng team ng IEP.**

---

[3] Batas Pang-administratibo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 392-172A-03100 at WAC 392-172A-05001

[4] Hindi nilalayon ng paggamit ng termino na "mga serbisyo para makabawi" sa dokumentong ito ang alisin o bawasan ang mga obligasyon na magbigay ng panghalili na edukasyon sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon na tinanggihan o hindi ma-access sa panahon ng pagsasara ng pasilidad na paaralan. Maaari pa ding iutos ang mga panghalili na serbisyo para sa pagsusuri kung may paglabag sa pamamagitan ng mga proseso sa paglutas ng pagtatalo ukol sa espesyal na edukasyon.

[5] Dapat ding isaalang-alang ng mga distrito kung kailangan ng mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyo para makabawi ng iba pang serbisyong iniaalok sa lahat ng estudyante para mabawasan ang epekto ng COVID-19, kasama ang mga serbisyo para matugunan ang kawalan ng pagtuturo sa pangkalahatang kaayusan ng edukasyon at para suportahan ang kabuuang kapakanan ng mga estudyante.

- Walang iniaatas na dapat ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa parehong halaga na napalampas (hal. minuto para sa minuto, oras para sa oras). (Tanong-Sagot B-1, B-4)
- Para sa karamihan ng mga estudyanteng may IEP, inirerekomenda ng OSPI na sa pangkalahatan ay ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa araw na walang pasok, kung saan maaaring kasali dito ang mga serbisyo sa panahon ng tag-araw. Kung mapagpasiyahan ng team ng IEP na ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa araw na may pasok, dapat tiyakin ng mga team na hindi ito hahantong sa mas mahigpit na pagtatakda para sa estudyante o makadagdag pa ng napalampas na pagtuturo ng pangkalahatang edukasyon. (Talababa ng Tanong-Sagot, Tanong-Sagot B-1, B-4)
- Kasama pero hindi limitado sa mga halimbawa kung paano maaaring ibigay ang mga serbisyo para makabawi sa araw na walang pasok ang:
    - Karagdagang in-person na pagtuturo bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan.
    - Karagdagang in-person o teletherapy na mga serbisyo (hal. Speech at Language Therapy, Occupational Therapy, Physical Therapy), bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan o habang bakasyon.
    - Karagdagang serbisyo para sa transisyon bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan o habang bakasyon.
    - Karagdagang remote na mga serbisyo (asynchronous/synchronous) bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan o habang bakasyon, kung naipakita ng estudyante ang sapat na pagsulong mula sa mga serbisyong ibinigay nang remote.
    - Karagdagang serbisyo sa espesyal na edukasyon habang bakasyon (hal. tag-araw, taglamig, tagsibol).
    - Karagdagang serbisyo sa espesyal na edukasyon sa mga araw ng paglalabas ng distrito.
    - Karagdagang in-person na nakabalangkas na play group o peer social group bago o pagkatapos ng pasok sa paaralan o habang bakasyon.

**Panghalili na Edukasyon/Mga Serbisyo:** Maaaring mas pamilyar ang mga distrito at magulang sa terminong panghalili na edukasyon (compensatory education), na isang makatwirang remedyo na hindi partikular na tinukoy sa Batas ukol sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA). Tinutukoy ng mga korte ang panghalili na edukasyon bilang mga serbisyo para ayusin ang pagtanggi sa FAPE. Layunin ng mga serbisyo para sa panghalili na edukasyon na ayusin ang kawalang kakayahan ng distrito na bigyan ang estudyante ng naaangkop na mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon sa panahon kung kailan mayroon o nagkaroon ng karapatan ang estudyante para sa FAPE.[6] Ang paggawad ng mga panghalili na serbisyo para mailagay ang estudyante sa posisyon kung saan dapat ay naroon sila, kung hindi sana naipagkait sa estudyante ang espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo. Idinisenyo ang mga panghalili na serbisyo para tiyakin na naaangkop na naturuan ang estudyante sa loob ng kahulugan ng IDEA at sa gayon, sa pangkalahatan, hindi kinakailangan na magbigay ng pang-araw-araw o pang-minu-minutong pamalit para sa napalampas na panahon.[7]

- Bagama't madalas na nauugnay sa nakasulat na reklamo sa estado o desisyon ng kaukulang proseso, hindi kailangan ng pamalit na edukasyon ang paghahanap ng kamalian sa bahagi ng distrito; sa halip, inaayos ng panghaliling edukasyon ang *kawalang kakayahan* na magbigay ng FAPE bukod pa sa *kabiguan* na maibigay ang FAPE.[8] Kung pinagpasiyahan ng team ng IEP na ang kawalan o kakulangan ng pag-access sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon dahil sa kasalukuyang pandemya ng COVID-19 at mga pagsasara sa pasilidad noong tagsibol 2020 ay naging sanhi para hindi magawa ng mga estudyante ang inaasahang pagsulong sa mga tunguhin ng IEP, dapat isaalang-alang ng team ng IEP kung ano ang kailangang mga serbisyo para sa pamalit na edukasyon ng estudyante. Ginagamit ng OSPI ang terminong pamalit na serbisyo sa pagtukoy ng uri ng mga serbisyo para makabawi na ibinigay para remedyuhan ang kawalang kakayahan o kabiguan na magbigay ng FAPE habang may pandemya.

---

[6] Sulat para kay Lipsitt (Letter to Lipsitt), Tanggapan ng mga Programa para sa Espesyal na Edukasyon (Office of Special Education Programs, OSEP) (Abril 2018).
[7] M*agulang ni Estudyante W. v. Puyallup School District No. 3*, 31 F.3d 1489 (9th Cir. 1994).
[8] Kagawaran ng Edukasyon ng US. (2020). Karagdagang Impormasyon (Supplemental Fact Sheet): Pagtugon sa Panganib ng COVID-19 sa Mga Paaralan ng Preschool, Elementarya at Sekondarya habang Pinagsisilbihan ang mga Batang may Kapansanan (Addressing the Risk of COVID-19 in Preschool, Elementary and Secondary Schools while Serving Children with Disabilities). "Kung saan, dahil sa pandaigdigang pandemya at ang naidulot na pagsasara ng mga paaralan, nagkaroon ng di-maiiwasang pagkaantala sa pagbibigay ng mga serbisyo—o maging ang pagdedesisyon kung paano ibibigay ang mga serbisyo—dapat gumawa ang mga team ng IEP ng pang-indibidwal na pagpapasiya kung kailangan ba at kung hanggang saan kinakailangan ang mga panghalili na serbisyo kapag nagbalik na sa normal na operasyon ang mga paaralan."

- Ipinahiwatig ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education) na sa muling pagbubukas ng paaralan, maaari at dapat simulan ng mga team ng IEP ang paggawa ng mga pang-indibidwal na pagpapasiya kung kailangan ba ng mga estudyanteng may IEP ang mga pamalit na serbisyo para remedyuhan ang naipagkait na FAPE na idinulot ng kawalan ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon dahil sa pandemyang COVID-19 at ng mga pagsasara sa pasilidad ng paaralan noong 2020.[9] Sa pagsasara ng mga paaralan dahil sa COVID, maaaring hindi nakatanggap ang estudyante ng FAPE dahil sa pagkaantala sa paglalaan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, kabiguan ng distrito na maibigay ang mga serbisyo, o kung napakamasalimuot ng mga pangangailangan ng estudyante at, dahil dito, ang mga serbisyo ay hindi makatuwirang maibibigay sa pamamagitan ng remote na plataporma ng pag-aaral o iba pang alternatibong paraan.
- Dapat gawing pang-indibidwal ang halaga at uri ng pamalit na edukasyon na ibibigay para tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng estudyante at makatuwirang kalkulahin para maibigay ang mga pakinabang sa edukasyon na natanggap sana ng estudyante mula sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon na dapat ay ibinigay ng distrito.[10]

## Pagtukoy sa mga Serbisyo para Makabawi

Nakatuon ang mga desisyong nauugnay sa mga serbisyo para makabawi sa inaasahang pagsulong ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya, kumpara sa mga kasalukuyang antas at pagsulong ng estudyante. Bagama't dapat isaalang-alang ang datos ng pagsulong mula sa mga plano ng patuloy na pag-aaral (continuous learning plans, CLP) at anumang serbisyo na nabawasan habang o mula nang magsara ang mga pasilidad ng paaralan noong tagsibol 2020, pinagpapasiyahan ng mga team ng IEP ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi batay sa inaasahang pagsulong mula sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID.[11] Ang pansamantalang pag-amyenda sa IEP at mga naapektuhang serbisyo dahil sa pandemya ay hindi dapat maging pangunahing konsiderasyon sa mga serbisyo para makabawi.

Ang mga magulang at pamilya ay mahahalagang ka-partner sa pagtukoy ng pangangailangan para sa mga serbisyo para makabawi, dahil mayroon silang kasalukuyang impormasyon tungkol sa estudyante mula nang magsimula ang mga pagsasara ng pasilidad ng paaralan. Gaya ng lahat ng proseso ng espesyal na edukasyon, dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng mga suporta ng pag-access sa wika, kasama ang interpretasyon at pagsasalin kung kinakailangan.[12] Dapat ding tiyakin ng mga distrito ng paaralan na ang mga magulang ay may impormasyon at suporta na kailangan para makasali sa proseso ng pagpapasiya.

---

[9] Kagawaran ng Edukasyon ng US. (2020). Mga Tanong at Sagot sa Pagbibigay ng mga Serbisyo sa mga Batang may Kapansanan sa Panahon ng Paglaganap ng Coronavirus Disease 2019 (Questions and Answers on Providing Services to Children with Disabilities During the Coronavirus Disease 2019 Outbreak) at.
[10] *Reid v. District of Columbia,* 401 F.3d 516, 534 (D.C. Cir. 2005).
[11] Dapat gumawa ang team ng IEP ng pang-indibidwal na pagpapasiya kung kailangan ba ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi, sa pamamagitan ng pagsusuri sa pag-unlad ng mga tunguhin ng IEP bago magkaroon ng COVID, sa panahon ng mga pagsasara ng pasilidad dahil sa COVID, at mula nang magsimulang muli ang in-person na pagtuturo. (Tanong-Sagot B-1)
[12] Batas Pang-administratibo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC) 392-172A-03100 at WAC 392-172A-05001

## Tsart ng Daloy ng Desisyon ng mga Serbisyo para Makabawi

Nakatuon ang mga desisyong nauugnay sa mga serbisyo para makabawi sa inaasahang pagsulong ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya, kumpara sa mga kasalukuyang antas ng estudyante, pagsulong, at pag-access sa espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo.[13]

| | Mga Kasalukuyang Antas | Pagsulong | Mga Serbisyo |
|---|---|---|---|
| **Bago Magkaroon ng COVID (Batayan)** | *Ano ang mga kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* | *Ano ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga tunguhin ng IEP) bago magkaroon ng COVID?* | *Anong mga espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo ang idinokumento sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID?* |
| **Mula Tagsibol 2020 hanggang sa Kasalukuyan** | *Anong mga alalahanin ang ibinangon ng (mga) magulang?*<br>*Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kasalukuyang antas sa pagganap ng estudyante, kumpara sa inaasahang antas ng pagganap ng estudyante kung hindi nangyari ang pandemya?* | *Gaano nabawasan o bumagal ang antas ng pagsulong ng estudyante (sa mga tunguhin ng IEP) kumpara sa mga batayang antas?* | *Anong espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo ang inialok sa estudyante noong Tagsibol 2020 at noong 2020–21 taong pampaaralan kumpara sa batayang alok ng FAPE?*<br>*Hanggang saan na-access ng estudyante ang mga iniaalok na serbisyo noong Tagsibol 2020 at noong 2020–21 taong pampaaralan?* |
| **Desisyon sa mga Serbisyo para Makabawi** | *Paano at kailan maa-access ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi? Anong mga opsyon ang available para sa inklusibong pag-access, ibinibigay man ang mga serbisyo para makabawi sa araw na mayroon o walang pasok sa paaralan?* | *Batay sa kasalukuyang antas ng pagsulong, edad, at lebel ng pag-unlad ng estudyante, ano ang timeline para makamit ng estudyante ang inaasahang antas ng pagsulong para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi?*<br>*Paano at gaano kadalas ipapaalam sa mga magulang ang pagsulong sa mga serbisyo para makabawi, kasama na kung paano tutugunan ng team ng IEP ang anumang kakulangan ng makatwirang pagsulong?* | *Batay sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante at ang mga napalampas o binawasang serbisyo habang may pandemya, anong espesyal na edukasyon o nauugnay na mga larangan ng serbisyo o mga tunguhin ng IEP ang nangangailangan ng mga serbisyo para makabawi?*<br>*Para sa tinukoy na mga larangan ng serbisyo para makabawi, gaano karaming serbisyo ang kinakailangan para matulungan ang estudyante na makamit ang antas ng pagsulong na inaasahan kung hindi nangyari ang pandemya?* |

[13] PAALALA: Bagaman dapat isaalang-alang ang datos ng pag-unlad mula sa mga plano ng patuloy na pag-aaral (continuous learning plans, CLP) at anumang serbisyo na pansamantalanag nabawasan habang o mula nang magsara ang mga pasilidad ng paaralan noong tagsibol ng 2020, dapat pagpasiyahan ng mga team ng IEP ang pangangailangan sa mga serbisyo batay sa inaasahang pag-unlad mula sa IEP ng estudyante bago magkaroon ng COVID (batayan).

## Pagdodokumento sa mga Serbisyo para Makabawi

Ang mga serbisyo para makabawi, gaya ng pamalit na edukasyon, ay nauugnay sa paglalaan ng FAPE sa mga estudyante at idinokumento sa paunang nakasulat na abiso (prior written notice, PWN) dahil inirerekord ng PWN ang ipinanukalang aksyon ng IEP na nauugnay sa paglalaan ng FAPE sa estudyante (Tanong-Sagot B-5). Dahil malamang na ibibigay ang mga serbisyo para makabawi sa araw na walang pasok sa paaralan, maliban kung iba ang napagpasiyahan ng team ng IEP, dapat itong idokumento ng team sa PWN para maging malinaw na hindi maaapektuhan ng mga serbisyo ang kapaligiran na may pinakamagaang paghihigpit (least restrictive environment, LRE) para sa estudyante.

Sa mga di-pangkaraniwang sitwasyon kung saan ang mga serbisyo para makabawi ay ibibigay sa araw na may pasok sa paaralan, dapat tukuyin ang mga serbisyo para makabawi at malinaw na lagyan ng label sa IEP ng estudyante, kasama ang dalas, lokasyon, at tagal ng mga serbisyo para makabawi. Sa tuwing may pagbabago sa IEP, dapat kumpletuhin ng IEP ang pag-amyenda at mag-isyu ng PWN.

Mahalaga ang malinaw at masusing PWN sa dokumentasyon ng team ng IEP kaugnay ng mga serbisyo para makabawi. Ang mga desisyon ng team ng IEP tungkol sa mga serbisyo para makabawi ay dapat idokumento sa PWN na kasama ang:

- **Panukalang Aksyon:** Ilarawan ang mga serbisyo para makabawi na pinagpasiyahan ng team ng IEP na kailangan ng estudyante (o idokumento ang desisyon na hindi kailangan ng estudyante ang mga serbisyo para makabawi). Dapat na kasama rito ang mga timeline (petsa ng pagsisimula at petsa ng pagtatapos para sa mga serbisyo), mga iskedyul (dalas, tagal, lokasyon), mga larangan ng serbisyo (kasama ang partikular na target na mga tunguhin), at mga konsiderasyon para sa pagsubaybay sa pagsulong, at LRE).
- **Paliwanag:** Ilarawan nang malinaw ang kasalukuyang pagganap ng estudyante sa mga tunguhin ng IEP. Ipaliwanag kung bakit kailangan (o hindi kailangan) sa FAPE ang mga serbisyo para makabawi dahil sa mga kakulangan ng serbisyo dulot ng COVID-19. Dapat tukuyin ng team ang dahilan sa likod ng pag-aalok o pagtanggi sa mga serbisyo para makabawi.
- **Datos/Impormasyon na Isinaalang-alang:** Ang pag-uulat ng pagsulong, pakikibahagi ng estudyante sa remote na pagtuturo, mga pagtatasa sa benchmark, mga obserbasyon ng guro, mga grado, mga tunguhin ng IEP, pagkumpleto ng gawain, mga pormatibong pagtatasa, mga pagtatasa ng yunit, mga imbentaryo sa pagbabasa at matematika, opinyon ng magulang at estudyante, atbp.
- **Iba pang Opsyon na Isinaalang-alang:** Kung ibinibigay ang mga serbisyo para makabawi, maaaring hindi nakakapagbigay ng mga serbisyo para makabawi ang iba pang opsyon na isinaaalang-alang. Magbigay ng dahilan kung bakit tinanggihan ang opsyong ito—halimbawa, sinuportahan ng datos ng estudyante ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi.
- **Iba pang Salik:** Makakabuting isama ang timeline kung kailan ginawa ang kahilingan sa mga serbisyo para makabawi at ang mga aksyon na ginawa ng distrito matapos ang kahilingan.

Dapat magbigay ang distrito ng paaralan ng nakasulat na alok ng FAPE kasama ang anumang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi. Kung hindi sumasang-ayon ang magulang sa ipinanukalang IEP, mga opsyon ng serbisyo para makabawi, o timeline, inirerekomenda ng OSPI na higit pang makipag-ugnayan ang distrito sa mga magulang para talakayin kung kailangan ba ng pagrebisa. Dapat idokumento ng mga team ng IEP ang opinyon ng magulang sa pagpapasiya ukol sa pangangailangan ng mga serbisyo para makabawi, ang ipinanukalang plano para maibigay ang mga serbisyo, at kung hindi sumasang-ayon ang magulang sa inialok na mga serbisyo. Kung walang napagkasunduan ang distrito at magulang, maaaring i-access ng magulang ang mga opsyon sa paglutas ng pagtatalo.

Bagaman iniaalok ng mga distrito ng paaralan ang espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo habang may pandemya, tinanggihan ng ilang pamilya ang pag-access sa mga serbisyong iyon dahil sa iba't ibang dahilan. Dagdag pa, pinili ng ilang pamilya na manatiling remote nang magsimulang ialok ng distrito ang in-person na pagtuturo. Dapat isaalang-alang ng mga team ng IEP ang pagiging available at ang epekto sa estudyante kung hindi maa-access ang mga iniaalok na mga serbisyo. Sa paggawad ng tradisyonal na pamalit na edukasyon, isasaalang-alang ng hukom ng administratibong batas o OSPI ang mga salik na nakakapagpagaan na maaaring makabawas sa igagawad na panghahalili, gaya ng pagtanggi ng pamilya sa inialok na mga serbisyo. Gayunman, inirerekomenda ng OSPI sa team ng IEP ng estudyante na isaalang-alang pa rin ang pangangailangan ng estudyante, ang epekto ng COVID-19 sa estudyante, at gumawa ng desisyon na pang-indibidwal at nakasentro sa estudyante.

## Pagbibigay ng mga Serbisyo para Makabangon

Pinagpapasiyahan ng team ng IEP ang pangangailangan ng estudyante sa mga serbisyo para makabawi, kasama ang iskedyul, inaasahang timeline, mga larangan ng serbisyo, at halaga ng mga serbisyo. Maaapektuhan ng maraming salik kung kailan at kung paano nag-iiskedyul at nagbibigay ang distrito ng paaralan ng mga serbisyo para makabawi, gaya ng posibleng epekto ng halaga at uri ng mga serbisyo para makabawi sa kalusugan at kapakanan ng estudyante, pagiging available ng kawani at transportasyon, at mga isinaalang-alang sa pagbibigay ng mga serbisyo para makabawi sa mga estudyante sa preschool at higit pa sa 21 taong gulang.

### Mga Iskedyul at Timeline

Ang mga iskedyul at timeline sa mga serbisyo para makabawi ay pang-indibidwal, batay sa mga kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante kumpara sa inaasahang pagsulong kung hindi nangyari ang pandemya, kasama ang edad, pag-unlad, at mga larangan ng pangangailangan ng estudyante. Hangga't maaari, ang mga serbisyo para makabawi ay dapat na inklusibo at nakaayon sa LRE ng estudyante, ang mga serbisyo man ay ibinibigay sa araw na wala o mayroong pasok sa paaralan. (Tanong-Sagot B-5)

Para sa mga serbisyo para makabawi na ibibigay sa tag-init, mahalagang tandaan na hiwalay at hindi kasama ang proseso ng pagpapasiya sa pangangailangan ng mga serbisyo ng Pinalawig na Taong Pampaaralan (Extended School Year, ESY) mula sa anumang pagpapasiya tungkol sa mga serbisyo para makabawi na sinimulan dahil sa pandemya. (Tanong-Sagot B-4)

### Mga Kawani at Transportasyon

Kinikilala ng OSPI na kasalukuyang hamon ang pagiging available ng kawani ng espesyal na edukasyon; kasama rito ang pagiging available ng mga serbisyo para makabawi sa araw na walang pasok sa paaralan. Matagal nang ipinatupad ng mga team ng IEP at distrito ng paaralan ang iba't ibang opsyon ng serbisyo para suportahan ang napapanahon at flexible na access sa mga espesyal na tagapagturo at iminumungkahi na palawigin ang mga opsyong ito para suportahan ang napapanahong pag-access sa mga serbisyo para makabawi. Maaaring kasama sa mga opsyon ang karagdagang kontrata para sa mga empleyado ng distrito ng paaralan, pakikipagkontrata sa lisensyado o sertipikadong kawani o iba pang entidad sa edukasyon, pakikipagtulungan sa iba pang kawani ng distrito ng paaralan para makapagbigay ng karagdagang serbisyo sa ilalim ng direktang pangangasiwa at pagsubaybay ng kawani ng espesyal na edukasyon, pakikipagkolaborasyon sa mga kalapit na distrito ng paaralan at distrito ng serbisyo ng edukasyon (educational service districts, ESDs), at pagsasalitan ng pag-aaral para makabawi sa maiikling bakasyon.

Maaaring kailanganing magbigay ng transportasyon sa mga estudyante para ma-access ang mga serbisyo para makabawi sa araw na walang pasok sa paaralan. Maaaring kasama sa mga opsyon sa transportasyon ang transportasyon sa distrito, panrehiyon, mga kasunduan sa paghahati, opsyon ng pribadong transportasyon, o pagbabalik ng bayad sa magulang para sa mga ginastos sa pagbiyahe.[14] Kinikilala ng OSPI na ang pagpapalawig ng mga serbisyo sa transportasyon para magbigay ng access sa mga serbisyo para makabawi ay magiging patuloy na hamon at inirerekomenda nito ang aktibo at sama-samang paglutas ng problema sa pagitan ng mga team ng IEP at ng lokal at panrehiyong departamento ng transportasyon.

### Mga Serbisyo para Makabawi para sa Preschool

Ang mga batang may kapansanan na nasa edad ng pumapasok sa preschool ay maaaring nakaranas ng mga pagkaantala sa mga serbisyo dahil sa mga pagsasara ng pasilidad ng paaralan at/o hirap sa pag-access ng remote o virtual na oportunidad sa pag-aaral. Dagdag pa, "mahalagang salik ang maagang pangangalaga at edukasyon sa kakayahang makabawi ng pamilya sa pinansyal mula sa pandemya at kailangan ito para muling pasiglahin ang mga manggagawa ng bansa at matiyak na magkakaroon ng pakikibahagi ang lahat ng magulang at caregiver[15]tagapangalaga". Ang mga serbisyo para makabawi para sa mas maliliit na batang may IEP ay dapat idisenyo at iiskedyul sa mga paraan na naaangkop sa pag-unlad o paglaki. Halimbawa, maaaring magbigay ang kawani ng distrito ng paaralan ng mga serbisyo para makabawi sa preschool sa bakasyon ng paaralan o bukod pa sa pangunahing pagtuturo. Maaari ding makinabang ang mga estudyante mula sa serbisyo para makabawi sa preschool na ibinigay ng kinontratang ahensya sa pamamagitan ng programa ng maaagang pagkabata na nakabatay sa komunidad (hal., Head Start, Programa sa Tulong at Maagang Edukasyon ng Bata (Early Childhood Education and Assistance

---

[14] WAC 392-172A-02095

[15] Pambansang Samahan ng Head Start (NHSA). (2021). *Ang Plano para American Rescue: Policy Change Affecting Head Start Families and Programs* (p. 4).

Program, ECEAP)). Maaaring kasama sa mga serbisyo para makabawi sa preschool ang teknolohiya para suportahan ang pag-access sa remote na pag-aaral, paglalaan ng kawani, pagpoprograma para sa tag-init at pagkatapos ng pasok sa paaralan, at mga suporta para sa mga bata at pamilyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

## Mga Serbisyo para Makabawi sa Panahon ng Transisyon para sa mga Lampas 21 Taong gulang

Ang Mga Serbisyo para Makabawi sa panahon ng Transisyon ay karagdagang serbisyo sa transisyon para sa mga estudyanteng may Mga Programa ng Pang-indibidwal na Edukasyon (IEP). Maaaring matugunan ng karagdagang serbisyong ito ang kawalan ng makatuwirang pag-unlad sa mga layunin ng IEP o ng plano ng transisyon dahil sa napalampas o limitadong espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo o para sa iba pang dahilan na sanhi ng pandemyang COVID-19. Ang mga estudyanteng nasa edad ng transisyon (karaniwan nang 16 hanggang 21 taong gulang) ay maaaring makaranas ng malalaking pagkaantala sa pagkatuto na nakabatay sa gawain at pag-access sa komunidad dahil sa pandemya. Dapat isaalang-alang ng mga team ng IEP ang mga pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon para sa lahat ng estudyanteng may IEP na nasa gayong edad at nagpapatuloy sa pag-aaral.

Maaari ding mangailangan ng mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon ang mga estudyanteng tumuntong sa edad na 21 taong gulang sa panahon ng pandemya. Nagbigay ang Lehislatura ng Estado ng Washington ng pagpopondo para sa 2021-22 at 2022-23 taong pampaaralan para suportahan ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon para sa mga estudyanteng tumuntong sa 21 taong gulang sa panahon o pagkatapos ng 2019-20 taong pampaaralan. Maaaring pondohan ang mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon sa pamamagitan ng kombinasyon ng pederal at pang-estadong pinagkukunan. Habang nagiging available ang impormasyon ng karagdagang pagpopondo, ia-update ang mga webpage ng Tanong-Sagot sa Espesyal na Edukasyon ukol sa COVID at transisyon ng OSPI.[16]

---

[16] Ia-update ang webpage ng Sekondaryang Transisyon ng OSPI (OSPI Secondary Transition webpage) ukol sa pinakabagong impormasyon ukol sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon, at ang dokumento ng Tanong-Sagot sa Espesyal na Edukasyon ukol sa COVID ay kasalukuyan ding ina-update sa mga serbisyo para makabawi sa panahon ng transisyon (magiging item B-3).

## Karagdagang Sanggunian para Suportahan ang mga Serbisyo para Makabawi

- OSPI (2021). *Mga Tanong at Sagot: Paglalaan ng mga Serbisyo sa mga Estudyanteng may Kapansanan habang may COVID-19 sa 2020–21 taong pampaaralan (Questions and Answers: Provision of Services to Students with Disabilities during COVID-19 in the 2020–21 School Year)* (Sanggunian ng Tanong-Sagot - kasalukuyang nirerebisa)
- OSPI (2020). *Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020: Patnubay sa Espesyal na Edukasyon (Reopening Washington Schools 2020: Special Education Guidance)*
- OSPI (2020). *Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020: Patnubay sa Plano ng Distrito sa Maagang Pag-aaral (Reopening Washington Schools 2020: District Early Learning Planning Guide)*
- 9 na Rekomendasyon para sa Inklusibong Pag-aaral para Makabawi ang mga Estudyanteng may Kapansanan (9 Recommendations for Inclusive Learning Recovery for Students with Disabilities)
- Sentro para sa Pagkakapantay-pantay ng Mag-aaral (Center for Learner Equity, 2021). *Ang Tumataas na Alon na Nag-aangat sa Lahat ng Bangka: Pamumuhunan ng mga Pantulong na Dolyar nang Nakatuon sa Pagkakapantay-pantay (The Rising Tide that Lifts All Boats: Investing Stimulus Dollars with an Equity Focus)*
- Mga Madalas Itanong sa Batas ukol sa Online na Pagkapribado ng mga Bata (Children's Online Privacy Protection Act, COPPA) may kinalaman sa Pamalit na Edukasyon sa panahon ng COVID-19 (COPPA FAQ on Compensatory Education in the time of COVID-19)
- Mga Pagsasaalang-alang sa mga Sebisyo para Makabawi (Considerations for Recovery Services) (Iowa)
- Konseho ng mga Punong Opisyal sa Paaralan ng Estado (Council of Chief State School Officers, CCSO) (2020). *Muling Pagsisimula at Pagbawi: Mga Pagsasaalang-alang para sa Pagtuturo at Pag-aaral (Restart and Recovery: Considerations for Teaching and Learning)*
- Konseho ng mga Punong Opisyal sa Paaralan ng Estado (Council of Chief State School Officers, CCSO) (2020). *Muling Pagsisimula at Pagbawi: Mga Pagsasaalang-alang para sa Pagtuturo at Pag-aaral: Pagbawi bago Mag-Kinder hanggang ika-3 Baitang sa Taong Panuruan na 2020–2021 (Restart and Recovery: Considerations for Teaching and Learning: Pre-K to 3rd Grade Recovery in School Year 2020–2021)*
- Pambansang Samahan ng Head Start (National Head Start Association, NHSA) (2021). *Ang Plano ng Pagsagip para sa Amerikano: Pagbabago sa Patakaran na Nakakaapekto sa mga Pamilya at Programa ng Head Start (The American Rescue Plan: Policy Change Affecting Head Start Families and Programs)*
- Mga Pagsasaalang-alang ng Kagawaran ng Edukasyon ng Virginia sa mga Serbisyo para Makabawi mula sa COVID para sa mga Estudyanteng may Kapansanan (Virginia Department of Education Considerations for COVID Recovery Services for Students with Disabilities)
- Sentro ng Pagsulong: Mungkahi ng IEP sa mga Kasalukuyang Antas ng mga Akademikong Tagumpay at Pagganap sa Gawain (Progress Center: IEP Tip Sheet Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance)

## Appendix: Ang Pagsubaybay sa Pagsulong (ang Susi!)


Mahalagang bahagi ang pagsubaybay sa pagsulong para mapagpasiyahan ang pangangailangan sa mga serbisyo para makabawi at kung paano pinakamahusay na maibibigay ang mga ito. Ginagamit ang datos ng pagsubaybay sa pagsulong para mapagpasiyahan kung hanggang saan ang naipapakitang sapat na pagsulong ng mga estudyante sa mga tunguhin ng IEP at magagamit din ito para matantiya ang mga antas ng pag-unlad (rates of improvement, ROI), para maihambing ang bisa ng iba-ibang uri ng pagtuturo, at para mapagpasiyahan kung kailan kakailanganin ang pagbabago sa pagtuturo upang masuportahan ang mga estudyante sa pagkamit ng kanilang mga tunguhin. Sa buong larangan ng pangangailangan, dapat pagpasiyahan ng mga team ng IEP ang batayan at kasalukuyang ROI ng estudyante para mapagpasiyahan kung anong mga serbisyo para makabawi at pagbabago sa pagtuturo ang kinakailangan nang makagawa ng mga makatwirang pagbabago ang mga estudyante sa kanilang mga tunguhin sa IEP. Maaaring paigtingin ang mga pagtulong para mapataas ang antas ng pagsulong ng estudyante sa pamamagitan ng pagdaragdag ng tindi, dalas at/o tagal ng mga serbisyo at suportang ibinibigay sa estudyante.

May iba't ibang paraan ang puwedeng magamit ng mga team ng IEP para sa pagsubaybay ng pagsulong para mapagpasiyahan kung natutugunan ng estudyante ang pagtulong at para masuri kung kakailanganin ng estudyante ang karagdagang suporta o mga pagbabago sa pagtuturo para makamit ang kanilang mga tunguhin sa IEP. Anuman ang gagamiting paraan, dapat laging ibatay ang mga tunguhin ng IEP sa mga wasto at maaasahang pagsusuri, diyagnostikong pagtatasa, pagsubaybay sa pagsulong, at pagtulong (ibinigay nang may katapatan).

### Pag-graph sa Datos ng Pagsubaybay sa Pagsulong

Kasama sa isang paraan ng pagsubaybay sa pagsulong ang paggawa ng graph na tumutukoy sa kasalukuyang antas ng pagganap ng estudyante (batayan) at target para sa bawat tunguhin sa IEP ng estudyante. Pinag-uugnay ang dalawang puntong ito para makabuo ng linya ng tunguhin na kumakatawan sa inaasahang pagsulong na magagawa ng estudyante sa loob ng taunang IEP na hinati-hati sa mga yugto ng pag-uulat ng pagsulong (hal. mga quarter o trimester). Pagkatapos nito, maiga-graph na ng mga team ng IEP ang naulit na mga sukatan ng pagsubaybay sa pagsulong para mapagpasiyahan kung nasa tamang landas ang estudyante para maabot ang kanilang mga tunguhin.

Kapag sinuri ng mga team ng IEP ang datos ng pagsulong ng estudyante, ang sumusunod na graphic na binuo ng Sentro ng Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan at Pananaliksik para sa mga Inclusive na Setting (IDEA and Research for Inclusive Settings, IRIS)[17] ay isang halimbawa kung ano ang maaaring suriin ng team:




[17] Pinagkunan: IRIS CENTER. (2021). Pagsubaybay sa Pag-unlad: Pagbabasa.

**Nagbibigay ang prosesong ito ng larawan para matulungan ang team ng IEP na magdesisyon kung muli ba silang magtitipon para matugunan ang mga alalahanin at/o kawalan ng inaasahang pagsulong:**

- Kung nasa linya ng tunguhin ang mga punto ng datos, ipinahihiwatig nito na nasa tamang landas ang estudyante para maabot ang tunguhin.
- Kung nasa ibaba ng linya ng tunguhin ang karamihan sa mga punto ng datos, ipinahihiwatig nito na hindi nakakagawa ng sapat na pagsulong ang estudyante at maaaring kailangan ang pagbabago sa pagtuturo.
- Kung nasa itaas ng linya ng tunguhin ang karamihan sa mga punto ng datos, ipinahihiwatig nito na nalalampasan ng pagganap ng estudyante ang mga inaasahan at maaaring kailangan ang mas mahirap na tunguhin.
- Ang ilang paaralan ay maaaring gumamit ng mga programa ng software na may naka-embed na mga tool, Excel o paper pencil graph para i-tsart ang datos ng pagsubaybay sa pagsulong ng estudyante

## Mga Sanggunian para sa Pagsubaybay sa Pagsulong

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga paraang ito ukol sa pagsubaybay sa pagsulong, suriin ang sumusunod na mga sanggunian:

- Pabansang Sentro sa Masinsing Interbensyon (National Center on Intensive Intervention, NCII) sa Institusyon para sa Pananaliksik ng Amerika (American Institute for Research):
  - Paggamit ng Pagsubaybay sa Akademikong Pagsulong para sa Pagpaplano sa Pang-indibidwal na Pagtuturo (Modyul 2 ng Serye ng Propesyonal na Pag-aaral ng Pag-aangkop na Nakabatay sa Datos (Data-Based Individualization, DBI))
  - Paggamit ng Pagsubaybay sa Akademikong Pagsulong para sa Pagpaplano sa Pang-indibidwal na Pagtuturo (Using Academic Progress Monitoring for Individualized Instructional Planning)
  - Buod ng mga Estratehiya sa Pagtatakda ng Akademikong Tunguhin (Overview of Academic Goal Setting Strategies)
- IRIS Center: Module ng Pagsubaybay sa Pagsulong (Progress Monitoring Module)
- Sentro ng Pagsulong: Mga Sanggunian para sa mga Guro at Nauugnay na Tagapagbigay ng Serbisyo (Resources for Educators and Related Service Providers)